# *Salmonella*

**Public Health**
**Seattle & King County**

**Ano ito?** Ang *salmonella* ay mga bakterya na nagdudulot ng pagtatae. Maaaring magsimula ang mga senyales ng impeksyon sa pagitan ng 6 na oras at 6 na araw pagkatapos ng pagkakalhantad. Ang ilang mga palatandaan ay:


Pananakit ng tiyan


Pagtatae (minsan may dugo)


Lagnat

**Paano ito kumakalat?** Ang *salmonella* ay maaaring manirahan sa dumi at sa paligid ng mga tao at hayop. Maaari rin itong nasa pagkain, lupa, at tubig. Maaari kang magkasakit dahil sa:


Pagkaing  hilaw o kontaminadong pagkain


Hindi paghugas ng kamay, lalo na bago magluto


Paghalik o paghawak sa mga hayop, kanilang dumi, o kanilang kapaligiran

## Sino ang nanganganib na lubhang magkasakit?


Mga nakakatanda (65 taon pataas)


Mga bata 5 taong gulang pababa


Mga taong mahihina ang sistema ng imyunidad

## Anong gagawin ko kung may sakit ako?

Manatili sa bahay hanggang sa wala ka nang pagtatae. Gawin ito lalo na kung ikaw o ang iyong anak ay nagtatrabaho sa kainan, pangangalaga ng mga bata, o pangangalagang pangkalusugan, o pumapasok sa pangangalaga ng mga bata.





## Paano ko maiiwasang makuha ito?


Madalas na linisin ang iyong mga kamay at ang mga ibabaw


Huwag humalik sa mga hayop


Ihiwalay ang hilaw na karne sa prutas at gulay


Magluto sa tamang temperatura



Makipag-usap sa iyong tagapagbigay  ng pangangalagang pangkalusugan kung sa tingin mo ay mayroon kang impeksiyon ng *Salmonella*. Para matuto ng higit pa tungkol sa *Salmonella* bisitahin ang **www.kingcounty.gov/cd.**

Tagalog
6/12/2024